**Kabataang Mapaglingkod na Tagapamuno**

## III. MGA ABILIDAD NG ISANG MABUTING LEADER

Ang isang mabuti at makadiyos na leader ay may pagpapahalaga sa kanyang pinangungunahan. Hindi siya nangunguna dahil alam niyang mayroon siyang kapangyarihan over sa isa o grupong tao o sa dahilan na naghahangad siya ng kasikatan.

Sinasabi sa Mateo 15:14 na, “Hayaan ninyo sila. Sila'y mga bulag na taga-akay (ng mga bulag;) at kapag bulag ang umakay sa kapwa bulag, pareho silang mahuhulog sa hukay.” Ang verse na ito ay maaaring magamit na reminder sa isang leader na tulad mo. Ang isang leader ay hindi dapat bulag, kung hindi mapapahamak ang kanyang mga pinangungunahan. Ibig sabihin nito, siya ay dapat na may kakayahan upang maisakatuparan ng may kahusayan ang kanyang pangunguna. Bukod sa mga katangian na natutuhan mo sa nakaraang lesson, dapat ay kaakibat nito ang mga kakayahan na meron ang isang mabuting leader.

**TIME OUT**

Ano ang tinuturo sa iyo ng talatang nabasa mula sa Mateo 15:14?

Anong kakayahan ang meron ka na sa iyong tingin ay kagamit-gamit sa pagiging mabuting leader?

**PAG-ARALAN:**

Basahin ang mga talata at sagutin ang mga tanong.




**Kawikaan 27:23**

Ang iyong mga hayop ay iyong bantayan, alagaang mabuti ang iyong kawan.

*Know well the condition of your flocks, and give attention to your herds.*

**Mateo 24:45-47**

“Sino ang tapat at matalinong alipin? Hindi ba't ang pinamamahala ng kanyang panginoon upang magpakain sa iba pang mga alipin sa takdang oras? Pinagpala ang aliping iyon kapag dinatnan siyang tapat na naglilingkod sa pagbabalik ng kanyang panginoon! Sinasabi ko sa inyo, gagawin siyang tagapamahala ng kanyang panginoon sa lahat ng mga ari-arian nito.

*Who then is the faithful and wise servant, whom his master has set over his household, to give them their food at the proper time? Blessed is that servant whom his master will find so doing when he comes.*

**Mga Awit 78:72**

Matuwid na namahala, namalakad na mahusay, lubos silang kinalinga sa tulong niya at patnubay.

*With upright heart he shepherded them and guided them with his skillful hand.*

**Efeso 4:29**

Huwag kayong gumamit ng masasamang salita kundi iyong makapagpapalakas at angkop sa pagkakataon upang makapagdulot ng mabuti sa mga nakakarinig.

*Let no corrupting talk come out of your mouths, but only such as is good for building up, as fits the occasion, that it may give grace to those who hear.*

**Kawikaan 21:23**

Ang pumipigil sa kanyang dila ay umiiwas sa masama.

*Whoever keeps his mouth and his tongue keeps himself out of trouble.*

**Tito 2:7-8a**

Sa lahat ng paraan, maging halimbawa ka ng mabuting ugali at maging tapat ka at kagalang-galang sa iyong pagtuturo. Nararapat na pananalita ang lagi mong gamitin upang hindi mapintasan ninuman ang mga sinasabi mo.

*Show yourself in all respects to be a model of good works, and in your teaching show integrity, dignity, and sound speech that cannot be condemned.*

1. Ayon sa Kawikaan 27:23, ano ang dapat ginagawa ng isang pastol/shepherd sa kanyang mga tupa?

   ______________________________________________

2. Anong bagay ang makikitang ipinagkatiwala ng master sa kanyang servant ang nabasa mo sa Mateo 24:45-47?

   ______________________________________________

3. Anong abilidad ang kagamit-gamit sa isang leader na mababasa mula sa Mga Awit 78:72?

   ______________________________________________

4. Ayon sa Efeso 4:29 at Kawikaan 21:23, anong bagay ang dapat na lumalabas sa bibig ng isang tao?

_______________________________________________

5. Ano ang matutuhan ng isang leader na dapat niyang gawin matapos basahin ang Tito 2:7-8a?

_______________________________________________

**PAG-USAPAN:**

Ang pagkamit ng kahusayan sa pamumuno ay isang challenging journey na nangangailangan ng pagsusumikap. Ito ang karaniwang layunin o goal ng isang tagapamuno. Kung nais mong maisakatuparan ang pamumuno sa paraan ng itinuro ni Jesu Cristo, ang Bibliya dapat ang iyong gamiting patnubay.

Noong nakaraan lesson natunghayan ang iba't-bang katangian na mayroon ang isang servant leader. Ang mga katangiang napag-aralan ay nakikita sa mga leader na may mga sumusunod na abilidad:

Ang makadiyos na leader ay mahusay na teacher, trainer at equipper.

- Teaching – pagbabahagi ng kaalaman
- Training – pagmomodel kung paano ginagawa o pinapatupad ang isang gawain.
- Equipping – paghahanda sa isang tao mentally para sa isang particular na sitwasyon o gawain at pagbibigay ng mga kinakailangang bagay para sa particular na layunin

Basahin ang Genesis 41:33-49. 


Sa paanong paraan naipakita ni Joseph ang kanyang pagiging mahusay na teacher, trainer at equipper sa kwentong binasa?

Teacher -

Trainer -

Equipper -

Malalim ang pang-unawa ni Joseph, na anak ni Jacob, patungkol sa hinaharap nilang pitong taong kasaganahan na susundan ng pitong taong taggutom. Nagtatag siya ng isang sistema ng pagbubuwis. Nagpatayo siya ng mga bodega kung saan iipunin ang 20% ng lahat ng aanihin sa panahon ng kasaganahan. Nagtalaga siya ng mga commissioners upang pamahalaan ang bagay na ito. Naglaan siya ng seguridad para bantayan ang kanilang mga naipong ani. Handang-handa sila nang dumating ang taggutom. Siguradong malaking panahon ang ginugol ni Joseph upang turuan, sanayin at ibigay ang mga kailangan ng kanyang mga empleyado upang magampanan nila ng tama ang kanilang iba't-ibang gawain.

Sa Mateo 24:45-47 (talatang nabasa sa Pag-aralan), matutunghayan dito na ang isang leader ay nagdedelegate ng gawain. Sa pagde-delegate ng gawain, karugtong nito ang teaching, training at equipping.

Magbigay ng isang halimbawa kung kalian ka nagkaroon ng pagkakataon na masagawa ang teaching, training at equipping sa ibang tao.

Ang makadiyos na leader ay mahusay na motivator at nakapagbibigay inspiration.

- Motivate – mapukaw ang interest o sigasig sa paggawa ng isang bagay
- Inspiration – proseso ng pagiging mentally stimulated na gawin o maramdaman ang isang bagay

Ang leader ay isang motivator ay kayang mag-build up ng excitement at nae-engganyo niya na gawin ng kanyang pinamumunuan ang mga bagay na natutuhan sa leader. Gaya ng nabasa sa Efeso 4:29 (talata mula as Pag-aralan), hindi siya source ng masamang salita sa halip puro pagpapalakas ito. Kasama ng motivation ay ang pag-encourage.

Kung puro negative words ang maririnig mula sa iyo ng iyong nasasakupan, sa iyong palagay, siya ba ay mamo-motivate na gawin ang iyong sinasabi? Ano ang kanyang magiging response?

Ang makadiyos na leader ay nakapagbibigay inspiration. Wala siyang pagkukunwari. Isinasabuhay niya ang mga prinsipyong natututunan niya mula sa salita ng Diyos sa siya ring binabahagi at tinuturo niya sa kanyang mga nasasakupan. Gaya ng nabanggit sa Tito 2:7-8a (talata mula as Pag-aralan), siya ay nagiging mabuting halimbawa kaya't ninanais siyang tularan ng iba.

Basahin ang Ruth 1:1-18. 


Sino ang nakapagbigay ng inspiration at sino ang na-inspire ayon sa kwentong nabasa?

Bagamat Moabita si Ruth, ginusto niyang sumama kay Naomi, na kanyang biyenang babae, tungo sa Bethlehem. Ang sabi ni Ruth, *Kung saan ka pupunta sasama ako, at kung saan ka titira doon ako manunuluyan. Aakuin kong aking bayan ang iyong bayan at aking Diyos ang iyong Diyos. Kung saan ka mamamatay doon ako mamamatay, at doon ako ililibing* (Ruth 1:1-18). Ito ay pagpapatunay sa abilidad ni Naomi na magsalita ng may katapatan at mang-akit sa iba na maging katulad niya.

Sino ang kinikilala mong nagbibigay inspiration sa iyo na nais mong tularan? Bakit mo siya napili?

Lahat ng tao ay may pinangungunahang tao. Maaring ikaw ang panganay sa inyong magkakapatid o magpipinsan, isang group sa school, class or student body president, ikaw ay isang leader.  Ang pagiging leader ay hindi biro, maraming responsibilidad ang napapaloob dito. Kinakailangan ang mga abilidad na napag-aralan upang maisakatapuran mo ang uri ng pangunguna na tinuturo ni Jesu Cristo. Ang pangununa kalakip ang mga katangian at abilidad na natutunan at ang uri ng iyong paglilingkod ay magiging paraan din upang makilala ng ibang tao ang Panginoong Jesus dahil sa katayuan mo.

Ang tanong ay, nakikita ba sa iyo ang mga abilidad na ito?

**PAGBULAY-BULAYAN:**

1. Gamit ang mga abilidad na nabanggit, i-rate mo ang iyong sarili. I-highlight mo kung hanggang saang number sa tingin mo ay magde-describe kung gaano kalakas ang abilidad na ito sa iyo. Ten ang pinakamataas at 1 naman ang pinakamababa.

| **Abilidad/Level** | **1** | **2** | **3** | **4** | **5** | **6** | **7** | **8** | **9** | **10** |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| Teaching | | | | | | | | | | |
| Training | | | | | | | | | | |
| Equipping | | | | | | | | | | |

| | | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| Motivating | | | | | | | | | | |
| Inspiring | | | | | | | | | | |

2. Balikan ang iyong mga sagot sa #1. Paano mo mapapalakas ang mga abilidad na sa nakikita mong nagkukulang ka pa?

_______________________________________________

_______________________________________________

3. Sino ang nakikilala mong leader ang nakakakitaan mo ng kalakasan sa lahat ng mga abilidad na ito?

_______________________________________________

| | |
|---|---|
| Natutunan ko na | ang mga abilidad na ito ay mahalaga na madevelop sa akin sapagkat: |

**Verse of the Day:**

Sa lahat ng paraan, maging halimbawa ka ng mabuting ugali at maging tapat ka at kagalang-galang sa iyong pagtuturo. Nararapat na pananalita ang lagi mong gamitin upang hindi mapintasan ninuman ang mga sinasabi mo. **Tito 2:7-8a**